



*Halaw sa Manipesto ng internasyonal na simposyum, "Komunikasyon para sa Katarungang Panlipunan sa Panahong Digital" (Setyembre 2021)*

## Mga prinsipyo upang maisulong ang komunikasyon para sa katarungang panlipunan sa Panahong Digital

Anuman ang isyu – karahasan laban sa kababaihan, pang-aabuso sa mga bata, kahirapan, paglutas ng mga tunggalian, sariling pagpapasya, rasismo, migrasyon, karapatan sa paggawa, karapatan ng mga katutubo, kalusugan, lupa, klima – halos walang magagawa kung walang epektibong komunikasyon.

Para dito, kailangan natin ang holistiko at inklusibong lapit upang lumikha ng mga teknolohiyang digital na nagtataguyod sa buhay, dignidad, at katarungan, sa halip na nagpapahina sa mga ito.

Kailangan natin ng mga prinsipyong nagpapahintulot sa mga tao na lumahok sa matapat, may pagsang-ayon, at demokratikong debate, kung saan ang mga tao ay malayang nakakukuha ng mga impormasyon at kaalamang mahalaga sa mapayapang pakikipamuhay, pagbigay ng kapangyarihan at lakas, responsableng pakikipag-ugnayan sa lipunan, at pananagutan sa isa't isa.

Dahil nakaugat sa kasaysayan ng mga karapatang pangkomunikasyon, binubuksan ng mga prinsipyong ito ang daigdig na:

Ang bawat isa ay may karapatang makipagkomunikasyon, magbigay ng impormasyon, at magbahagi ng kaalaman. Nangangailangan ito ng patas na akses sa mga imprastruktura ng komunikasyon at karapatan sa malayang pagpapahayag.

Ang bawat isa ay may karapatang lumahok sa lipunan ng impormasyon at komunikasyon na may partikular na pagsasaalang-alang sa mga minorya at bulnerableng grupo. Nangangailangan ito ng inklusibo at tulong-tulong na pamamahala ng mga imprastraktura ng midya at mga digital na mga plataporma.

Ang bawat isa ay may karapatan sa patas at walang kinikilingang pampublikong komunikasyon. Nangangailangan ito ng mga pamantayang etikal, pananagutan, at pagwawasto ng mga maling representasyon.

Ang bawat isa ay may karapatan sa dignidad at respeto. Nangangailangan ito ng katapatan at pananagutan ng midya at ng mga digital na plataporma.

Ang bawat isa ay may karapatan sa pagiging pribado at pagkontrol sa sariling impormasyon, kabilang dito ang pagbubura ng sariling datos, kung hindi siya nang-aabuso ng mga karapatang pantao o hindi gumagawa ng mga gawaing kriminal. Ito ay likas na bahagi ng digital na pagkakakilanlan ng bawat tao, nangangailangan ito ng mga legal na balangkas na nagbabalanse sa karapatan sa pagkapribado at sa proteksyon ng mga karapatang pantao.

Ang bawat isa ay may karapatan sa sariling pagkakakilanlang kultural at lingguwistika. Nangangailangan ito ng mga espasyo para sa iba-ibang mga wika at kultura, at akses sa pagmamay-ari at kontrol ng midya.

Ang bawat isa ay may karapatan sa mga kasanayang pangkomunikasyon at *media literacy*. Nangangailangan ito ng mga pagsasanay na angkop sa kultura at pagbubuo ng mga kasanayan sa pakikipagdiyalogo, pakikipag-usap, pakikinig, pagiging bukas, at kritikal na pag-iisip.

Ang bawat isa ay may akses sa napagkukunan ng *sustainable power* upang mapagana ang mga midyang digital o elektroniko. Nangangailangan ito ng akses sa mga teknolohiyang tulad ng pagkuha ng enerhiya mula sa araw o hangin.

Ang lahat ay may karapatan sa mga abot-kayang kagamitan o pampublikong akses ng mga kagamitan sa mga ligtas na lugar. Nangangailangan ito ng mga mapagkukunang pang-ekonomiya pati na rin ang "karapatan sa pagkumpuni."

Para sa buong Manipesto, bisitahin ang: <https://bit.ly/3OjDPIf>

### About the language

*Filipino is the national language of the Philippines, and is one of two official languages (the other, English). There are about 187 languages in the spread out across the country.*

### About the translator-editor

*Poet-writer-musician Lui Queaño edited the translation provided by WACC Global. Queaño co-hosts Filipino Radyo Migrante, and is co-editor of the Akdaan Literary Anthology, published yearly since 2014.*